# Lunsod ng Nishio

# Hazard Map sa Pagguho ng Lupa

Inisyu ng: Lungsod ng Nishio Departamento ng Konstruksyon, Seksyon ng Ilog at Daungan
TEL: 0563-65-2151
Departamento ng Pamamahala ng Krisis, Seksyon ng Pamamahala ng Krisis
TEL: 0563-65-2137

## Tungkol sa Mapa ng Panganib sa Pagguho ng Lupa

Nagbibigay ng impormasyon ang mga Mapa ng Panganib sa Pagguho ng Lupa tungkol sa mga lugar at silungan sa paglikas kung saan may panganib ng mga pagguho ng lupa dahil sa malakas na ulan o mga lindol. Ibinibigay ang impormasyon upang ang lahat ay makalikas nang naaangkop. Regular na suriin ang mga panganib sa iyong lugar. Kung may nangyayaring panganib ng isang sakuna, lumikas mula sa mga mapanganib na lugar sa lalong madaling panahon.
Sa panahon ng mga pagbaha at baglindol, maaaring mayroong mga panganib maliban sa mga pagguho ng lupa sa mga ruta ng paglikas. Mangyaring tingnan din ang Mapa ng Panganib sa Baha at Mapa ng Panganib sa Tsunami at Mapa ng Panganib sa Pagbugso ng Bagyo.

# Paraan ng Paggamit ng Hazard Map

## Regular na makipag-usap sa iyong pamilya

Upang makagawa ng nararapat na mga aksyon nang hindi natataranta kung sakaling may emergency, mahalagang maghanda para sa mga sakuna tulad ng malakas na ulan at mga paglindol kahit bago pa mangyari ang mga ito.
Mahalagang talakayin sa iyong pamilya at mga kapitbahay kung paano maghanda para sa mga sakuna at kung ano ang gagawin sa kagana-pan ng isang sakuna.

### Hakbang ① Suriin ang lokasyon ng iyong bahay at ang mga silungan sa paglikas.

Suriin ang lokasyon ng iyong bahay at ang mga silungan sa paglikas sa pamamagitan ng pagsangguni sa lokasyon ng mga pambansa at pam-prefecture na mga kalsada, paaralan at pampublikong pasilidad.

### Hakbang ② Tukuyin ang mga lugar na maaaring mapanganib sa kaganapan ng malakas na ulan o mga paglindol.

Suriin ang mga daluyan ng tubig, mga tulay, mga lugar na mapanganib sa pagguho ng lupa, at iba pang panganib sa paligid ng iyong bahay na maaaring maging mapanganib sa kaganapan ng malakas na ulan o paglindol.

### Hakbang ③ Magtakda ng mga ruta ng paglikas upang maiwasan ang mga mapanganib na lugar.

Magtakda ng mga ruta ng paglikas sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga lugar na tinukoy sa Hakbang ② na maaaring maging mapanganib sa kaganapan ng malakas na ulan o mga paglindol.

### Hakbang ④ Aktuwal na maglakad sa ruta ng paglikas upang matiyak na ligtas ito.

Aktuwal na maglakad sa ruta habang tinatalakay sa iyong pamilya at mga kapitbahay. Suriin ang ruta ng paglikas kung may mga mapanganib na lugar sa ruta.

### Hakbang ⑤ Maghanda ng mga supply na pang-emergency.

Maghanda ng mga bagay na dadalhin mo kapag lilikas ka sa pamamagitan ng pagsangguni sa "Mga Supply na Pang-emergency (halimbawa)".

### Hakbang ⑥ Magsulat sa Talaan ng Pamilya sa Pag-iwas sa Sakuna.

Suriin nang regular ang lugar na paglilikasan (tulad ng nakatalagang lugar na paglilikasan sa panahon ng emergency), at sulatan ang "Talaan ng Pamilya sa Pag-iwas sa Sakuna". Isulat ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga miyembro ng pamilya, kaklalala, kamag-anak, attbp. upang kumpirmahin ang iyong kaligtasan.




# Mga pagguho ng lupa

## Tungkol sa mga Pagguho ng lupa

Ang mga sakuna ng pagguho ng lupa ay nauuri sa tatlo: mga pagguho ng putik, mga pagguho ng lupa sa matarik na dalisdis (pagguho ng matarik na lupa), at mga pagguho ng lupa.

### Mga pagguho ng putik

- Isa itong palatandaan kung saan ang mga bato at latak sa mga gilid ng bundok at ilalim ng ilog ay sabay-sabay na tinatangay kaagad pababa ng mahahabang ulan o malakas na pagbuhos ng ulan.
- Depende sa laki ng kaganapan, maaaring mag-iba-iba ang bilis mula 20 hanggang 40 kilometro bawat oras, at ang mapanirang puwersa ay napakataas.

### Mga Pagguho ng Lupa sa Matarik na Dalisdis (Pagguho ng Matarik na Lupa)

- Biglang gumuguho ang matatarik na dalisdis dahil sa pagpasok ng tubig ulan o mga lindol.
- Biglang nangyayari ito at gumuguho nang mabilis.
- Maaaring maabot ng mga gumuhong latak ang mga distansya na may dalawa hanggang sa tatlong beses sa taas ng dalisdis.

### Mga pagguho ng lupa



- Isa itong palatandaan kung saan ang isang medyo banayad na dalisdis ay gumaglaw pababa dahil sa implowenya ng tubig sa ilalim ng lupa at iba pang kadahilanan.
- May dalawang uri ng pagguho: pagguho sa ibabaw, kung saan gumuguho ang ibabaw na bahagi ng dalisdis, at malalim na pagguho, kung saan gumuguho maging ang mga mas malalalim na layer ng lupa.
- Tila nangyayari ang uri ng pagguhong ito sa panahon ng malakas na pag-ulan o pagkatunaw ng niyebe, at mas matindi ang pinsala dahil gumaglaw kaagad ang malawak na lugar.

### Mga Babalang Tanda ng Pagguho ng Putik

- Hindi normal na pagdagundong sa mga kabundukan, pagdagundong sa lupa
- Kaluskos ng mga puno sa mga bundok
- Lumalangutngot na mga ingay ng mga puno
- Mga hindi pangkaraniwang amoy
- Biglang nagiging maputik ang ilog at nagsisimulang humalo sa tubig ang mga inanod na kahoy.
- Bumabaha ang tubig sa ilog kahit na patuloy ang pag-ulan.

### Mga Babalang Tanda ng Pagguho ng Lupa sa Matarik na Dalisdis

- Nagiging mas malalaki ang mga bitak
- Umiindayog ang mga puno
- Nahuhulog ang mga piraso ng maliliit na mga bato
- Nabubuo ang mga bitak sa mga ibabaw ng talampas
- Mga tunog ng ugat na napuputol
- Mga punong nakasandal o natutumba
- Pagtigil (o pagtaas) ng umaagos na tubig

### Mga Babalang Tanda ng Pagguho ng Lupa

- Mga ingay ng mga puno na gumagawa ng ingay o nabibiyak
- Umaagos na tubig o mga danaw na nagiging maputik
- Nabubuo ang mga bitak o hakbang
- Tumataglilid ang bahay, na ginagawang mahirap ang pagbubukas at paqsasara ng mga sliding door
- Bumubulwak ang tubig
- Mga bitak sa mga kalsada, attbp.
- Tumataglilid ang mga poste ng kuryente

Kung nangyayari ang alinman sa mga nabanggit habang umuulan pa, maaaring mangyari ang pagguho ng lupa anumang oras, kaya dapat kang lumikas kaagad. Bilang karagdagan, kapag naging mapanganib na upang lumikas sa labas ng gusali, maaaring maging mabisa na lumipat sa isang kuwarto sa pangalawang palapag o mas mataas sa kabilang gilid ng slope sa isang matibay na gusali.

## Mga Lugar na Mapanganib sa Pagguho ng Lupa

Tingnan ang mapang ito upang makita kung ang iyong kasalukuyang lokasyon ay nasa lugar na mapanganib sa pagguho ng lupa.

### Mga Lugar na Mapanganib sa Pagguho ng Lupa

Mga lugar kung saan maaaring mangyari ang mga pagguho ng lupa at kung saan maaaring mapinsala ang mga naninirahan kung mangyari ang pagguho ng lupa.

### Espesyal na mga Lugar na Mapanganib sa Pagguho ng Lupa

Mga lugar sa ilalim ng mga lugar na mapanganib sa pagguho ng lupa kung saan maaaring mapinsala ang mga gusali at maaaring magdusa ng malaking pinsala ang mga residente sa kaganapan ng pagguho ng lupa

**• Paglabag ng isang sistema ng alerto sa paglikas**

Upang protektahan ang mga buhay mula sa mga pagguho ng lupa, ilatatag ang isang sistema ng babala at paglikas upang maipahayag ang impormasyon tungkol sa sakuna at mabilis na mapagawa ang mga paglikas.

**• Mga Regulasyon na Pang-istruktura para sa mga Gusali**

Sinisiyasat ang gusali upang matiyak na ligtas ito laban sa mga posibleng epekto.

**• Sistema ng impormasyontungkol para sa mga partikular na sakuna sa pagpapaunlad**



Kinakailangan ang pohintulot para sa pagpapaunlad ng mga residensyal na subdibisyon, nursing home, ospital, at iba pang pasilidad na may kaugnayan sa mga taong nangangailangan ng tulong sa kaganapan ng sakuna.

**• Rekomendasyon para sa Relokasyon ng mga Gusali, attbp.**

Para sa mga may-ari ng gusali kung saan maaaring mangyari ang makabuluhang pinsala, maaari kaming maggiano ng rekomendasyon ng pagliput. Sa ilang pangyayari, maaaring makatanggap ng suporta ang mga lumilipat tulad ng pagkuha ng mga utang at pondo.

* Ang mga lugar na mapanganib sa pagguho ng lupa, attbp. ay itinalaga para sa mga lugar kung saan may mga tirahan at iba pang istraktura. Samakatuwid, sa mga lugar na walang bahay, may posibilidad ng mga pagguho ng lupa kahit sa mga lugar na hindi itinalaga bilang mapanganib. Kapag dumadaan sa mga kalsada o lumilikas, maging maingat sa mga lugar tulad ng sa ilalim ng mga talampas at sa ilalim ng mga lambak.

# Mga Pamamaraan ng Pagkuha ng Impormasyon at mga Paraan ng Impormasyon

## Pagkuha ng Impormasyon

Magsikap na makakuha ng impormasyon nang mag-isa.

### Radyo sa Pag-iwas sa Sakuna / Radyo sa Pangangasiwa ng Pag-iwas sa Sakuna

Ang mga radyo sa pag-iwas sa sakuna at mga speaker na nakakabit sa lunsod ay magbibigay ng impormasyon sa mga babala, sakuna, at paglikas.

### Pagbobrodkast sa Telebisyon at Radyo




Ibinibigay ang mga programa sa pag-iwas sa sakuna, mga pagbrodkast ng emergency, at impormasyon sa text sa pamamagitan ng telebisyon at radyo. Gamitin ang d button (data sa pagbrodkast) sa iyong remote control.

### Internet

Ibibigay ang impormasyon tungkol sa mga pagsisikap ng lungsod sa pag-iwas sa sakuna, impormasyon tungkol sa sakuna, at impormasyon tungkol sa pag-iwas sa sakuna mula sa website ng bawat organisasyon.

- Website ng Lungsod ng Nishio
  http://www.city.nishio.aichi.jp/
- Twitter ng Lungsod ng Nishio
  https://twitter.com/nishio_city
- Opisyal na LINE Account ng Lungsod ng Nishio
  @nishiocity
- Website ng Kagawaran sa Pag-iwas sa Sakuna at Kaligtasan ng Aichi Prefecture
  http://www.pref.aichi.jp/bousai/
- Nagoya Local Meteorological Observatory
  https://www.jma-net.go.jp/nagoya/
- Impormasyon sa Pag-iwas sa Sakuna para sa mga Ilog
  https://www.river.go.jp/
- Mapa Panganib sa Pagguho ng Lupa ng Japan Meteorological Agency KIKIKURU
  https://www.jma.go.jp/bosai/risk/

### App ng Pag-iwas sa Sakuna ng Lungsod ng Nishio at Sulat sa Pag-iwas sa Sakuna

Gumawa ang Lungsod ng Nishio ng aplikasyon ng smartphone na nagtitipon ng impormasyon sa pag-iwas sa sakuna para sa Lunsod (kailangang i-install ang aplikasyon). Magagamit ang aplikasyon para tingnan ang nilalaman ng mga brodkast sa Radyo sa Pag-iwas sa Sakuna, mga lugar na paglilikasan at mga mapa ng panganib. Maaari mo ring tingnan ang mga nilalaman ng brodkast ng Radyo sa Pag-iwas sa Sakuna sa pamamagitan ng Sulat sa Pag-iwas sa Sakuna (kinakailangan ang paunang pagrerehistro).

- App ng Pag-iwas sa Sakuna
  iphone / Android
- Address sa Koreo para sa Pagrerehistro sa Sulat sa Pag-iwas sa Sakuna
  bousai.nishio-city2@raiden2.ktaiwork.jp

### Emergency warning email

Awtomatikong ipinapadala ang impormasyon sa paglikas tulad ng mga tagubilin sa paglikas, impormasyon sa lugar na mapanganib at iba pang impormasyon ng emergency sa mga cell phone sa Lungsod ng Nishio gamit ang mga feature na "Area Mail" at "Emergency warning email" sa mga cell phone.
Para sa impormasyon kung paano makatatanggap ng impormasyon, mangyaring sumangguni sa website ng kumpanya ng iyong cell phone.

### Sasakyan para sa Pampublikong Impormasyon

Ipinadadala ito sa kaganapan ng isang sakuna at gumagamit ng malakas na speaker para tumawag ng atensyon.

## Daloy ng Paghahatid ng Impormasyon

Lungsod ng Nishio:
- Gumawa ng mga babkang pangka-ligtasan sa panahon ng emergency
- Mga tagubilin sa paglikas
- Paglikas ng matatanda
- Impormasyon sa Lagay ng Panahon

Mga mamamayan:
- Radyo sa Pag-iwas sa Sakuna
- App ng Pag-iwas sa Sakuna ng Lungsod ng Nishio at Sulat sa Pag-iwas sa Sakuna
- Mabilisang Mail na Pang-emergency (Area Mail)
- Website, Twitter, Facebook, Opisyal na LINE Account
- Pampublikong anunsyo ng sasakyan ng pampublikong impormasyon ng lungsod at yunit ng mga bumbero
- Pagsaklaw ng Media sa Impormasyon sa Lagay ng Panahon (TV, radyo, attbp.)

# Nilalaman ng Impormasyon (Impormasyon sa Paglikas, Mga Antas ng Babala, Babalang Impormasyon sa Pagguho ng Lupa, atbp.)

| Antas ng Babala | Mga aksyon na gagawin ng mga mamamayan | Lungsod ng Nishio | Japan Meteorological Agency, atbp. |
|---|---|---|---|
| 3 | **Dapat umalis kaagad mula sa mapanganib na lugar ang matatanda**<br>Maging handang lumikas anumang oras<br>Kumuha ng tumpak na impormasyon<br>Dapat magsimulang lumikas ang nakatatanda at mga taong may kapansanan<br>Para sa mga naninirahan sa mga lugar na mapanganib sa pagguho ng lupa, attbp. o sa tabing ilog kung saan may panganib ng mabiliis na pagtaas ng mga lebel ng tubig, simulan ang paglikas sa sandaling magawa ang mga paghahanda para sa paglikas | *Impormasyon upang himukin ang mga mamamayan na kumilos<br>**Paglikas sa mga matatanda**<br>Sitwasyon na may nangyayaring panganib ng pinsala o kapahamakan<br>Sitwasyon kung saan sisimulang ilikas ang mga tao na nangangailangan ng panahon sa paglikas | * Impormasyon mula sa Japan Meteorological Agency, attbp. na tumutugon sa antas ng alerto<br>**Babala sa malakas na ulan** |
| 4 | **Lumikas mula sa mga mapanganib na lugar**<br>Lumikas sa isang ligtas na lugar sa labas ng lugar na mapanganib sa talong madaling panahon<br>Magtungo kaagad sa mga evacuation shelter o sa isang ligtas na lugar o tiyakin ang kaligtasan sa pamamagitan ng pananatili sa loob ng bahay<br>Tulungan ang bawat isa na lumikas<br>Kung ikaw ay nasa isang sitwasyon kung saan ang pag-alis sa iyong bahay ay maaaring ilagay sa panganib ang iyong buhay, lumikas sa isang ligtas na lugar na malapit o sa isang mas ligtas na lugar sa loob ng iyong bahay. | **Mga tagubilin sa pag-likas**<br>Sitwasyon na may nangyayaring mas mataas na panganib ng pinsala o kapahamakan | **Babalang impormasyon sa pagguho ng Lupa** |
| | **Tapusin ang paglikas sa lahat!!** | | |
| 5 | Mga taong hindi pa nakakalikas mula sa lugar na mapanganib<br>**gawin ang pinakamahusay na posibleng aksyon upang pangalagaan ang iyong buhay**<br>- Nakamamatay ang sitwasyong ito<br>- Kung nahuli ka sa paglikas mula sa sakuna, tiyakin ang sarili mong kaligtasan at kumilos para protektahan ang iyong sarili | **Gumawa ng mga pang-emergency na hakbang sa kaligtasan**<br>* Hindi palaging inilalabas ang impormasyong ito<br>- Naganap na ang sakuna at paparating na ang sakuna<br>- Manatiling ligtas at protektahan ang iyong sarili sa panganib | **Espesyal na Babala sa Malakas na Ulan** |

## Impormasyon sa Lagay ng Panahon

Bago ang paglalabas ng mga babala at pagpapayo, naglalabas ang Japan Meteorological Agency ng impormasyon tungkol sa panahon upang magbabala o upang dagdagan ang nilalaman ng mga babala at pagpapayo. Kasama ang sumusunod sa impormasyon sa lagay ng panahon na may kaugnayan sa pangyayari ng malalaking sakuna.

### Babalang Impormasyon sa Pagguho ng Lupa

Inilalabas ang impormasyong ito kapag may tumaas na panganib ng sakuna na pagguho na lupa dahil sa malakas na pag-ulan, upang tulungan ang aklalde ng isang bayan sa paggawa ng desisyon kapag nagpapalabas ng mga pagpapayo sa paglikas, attbp., at upang tulungan ang mga residente na lumikas nang mag-isa.

### Impormasyon ng Rekord ng Maikling Malakas na Pag-ulan

Inilalabas ang impormasyong ito kapag may naoobserbahang maikling malakas na pag-ulan na nalalampasan ang rekord, na nangyayari nang minsan lang bawat ilang taon, habang inilalabas ang mga babala sa malakas na pag-ulan, attbp. (Sa Aichi Prefecture, inilalabas ang impormasyong ito kapag naoobserbahan ang isang oras na pag-ulan ng 100 mm o higit pa.)
Tumataas ang panganib ng mga sakuna ng pagbaha at pagguho ng lupa.

### Impormasyon sa lagay ng panahon hinggi sa lubhang malalakas na pagbuhos ng ulan

Inilalabas ang impormasyong ito kapag lumitaw ang isang linear precipitation zone (isang sitwasyon Kung saan nagapatuloy sa pagbuhos ang malalakas na ulan sa iisang lugar dahil sa linear shaped zone ng ulan) sa panahon ng biglaang pagtaas ng panganib ng sakuna dahil sa malakas na pagbuhos ng ulan.

# Talaan ng Pamilya sa Pag-iwas sa Sakuna

## Tagpuan

| Ayon sa sakuna | Tagpuan | Lugar ng paglikas (unang pinili) | Lugar ng paglikas (ikalawang pinili) |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |

## Pamilya o iba pang impormasyon sa pagkontak

| Pangalan | Numero ng telepono | Email address |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

## Telepono para sa Mensahe ng Sakuna

* Dapat ding ilista ang mga kamag-anak at kakilala sa labas ng apektadong lugar.

**• Telepono para sa Mensahe ng Sakuna 171** — Maaari mong kumpirmahin ang iyong kaligtasan at lokasyon ng paglikas sa pamamagitan ng mensaheng boses.

Paano Gagamitin:
Mag-dial sa 1 7 1 (para makatanggap ng patnubay) → Para sa Pagrerekord 1 / Para sa Pag-playback 2 → Ilagay ang numero ng telepono mula sa area code
Kung ikaw ay nasa apektadong lugar, ilagay ang iyong numero ng telepono sa bahay
Kung wala ka sa apektadong lugar, ilagay ang numero ng telepono ng taong nasa apektadong lugar
(☒☒☒☒) ☒☒-☒☒☒☒

**• Board ng Mensahe sa Sakuna** — Maaari kang mag-iwan ng mensahe mula sa iyong cell phone sa nakatalagang site ng board ng mensahe.

- NTT DoCoMo
  http://dengon.docomo.ne.jp/top.cgi
- KDDI: au
  http://dengon.ezweb.ne.jp/
- Softbank
  http://dengon.softbank.ne.jp/

## Mga Supply na Pang-emergency (halimbawa)




# Oras na para Lumikas!

## Mga Tip sa Paglikas

Kung may emergency, isaayos ang mga kinakailangang bagay para sa paglikas at talakayin ang mga pamamaraan ng paglikas nang regular. At, kapag inaasahan mo ang panganib ng sakuna, siguraduhin na kumuha ng tumpak na impormasyon at lumikas sa lalong madaling panahon.

### Mabilis na lumikas depende sa sitwasyon

Kahit walang inianunsyong impormasyon sa paglikas, dapat kang lumikas nang kusa batay sa iyong pagsusuri ng sitwasyon at iba pang dahilan.

### Mag-iwan ng tala na pakikipag-ugnayan para sa iyong pamilya

Mag-iwan ng tala para sa mga miyembro ng pamilya na nasa labas ng bahay, gaya ng kung saan ka pupunta para lumikas.

### Dalhin ang iyong tala sa pag-iwas sa sakuna

Maghanda ng tala ng pag-iwas sa sakuna na mayroon ng iyong address, pangalan, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at lumikas kasama ito sa iyong katawan.

### Tulungan ang bawat isa

Iwasan ang paglakad nang mag-isa at lumikas sa nakatakdang lugar nang nakagrupo kasama ang mga kapitbahay.

### Iwasang lumikas gamit ang kotse

Mahihirapang tumakbo ang mga kotse sa humigit-kumulang na 30 cm ng baha. Huwag lumikas gamit ang kotse.

### Paglikas gamit ang ligtas na ruta

Iwasan ang mga pampang ng ilog, mga daanan sa ilalim ng lupa, attbp., at piliin ang mga pinakaligtas na malalawak na kalye hangga't maaari.

### Bawasan ang dami ng mga bagay na dadalhin mo

Mag-empake ng mga supply na pang-emergency sa isang backpack para malaya ang parehong kamay.

### Sundin ang mga tagubilin sa lugar na paglilikasan

Kapag dumating ka sa lugar na paglilikasan, sundin ang mga tagubilin ng taong nangangasiwa at iulat ang iyong pangalan at address.

## Horizontal na Paglikas (pag-alis sa bahay para lumikas) at Lumikas sa matataas na lugar (vertical evacuation)

Mahalaga ang mabilisang paglikas sa panahon ng sakuna. Gayunpaman, sa isang sitwasyon ng nagbabantang panganib gaya kapag binaha na ang ruta sa paglikas, dapat iwasan ang hindi makatuwirang mga pagkilos sa paglikas hangga't maaari. Sa isang naturang sitwasyon, dapat magpasiyang lumikas patungo sa matataas na lokasyon (bertikal na paglikas) kagaya ng ika-2 palapag ng isang mataas na gusali sa malapit o ang iyong bahay, at hindi lang basta iwan ang iyong bahay para lumikas (pahalang na paglikas) palayo mula sa mga dalisdis at binahang lugar pagkatapos na makatanggap ng utos na ilikas ang matatanda o ang iyong sarili. Sa mga lugar kung saan may panganib ng mga pagguho ng lupa, habang nananatili sa labas, kailangan ding lumikas sa tabi ng iyong bahay na kasalungat ng bundok.

**Kung may panganib ng pagguho ng lupa, lumikas sa ikalawang palapag o mas mataas sa kabilang panig ng bundok.**
Gawin ang lahat para pangalagaan ang iyong buhay!!

Kung hindi ka makakaabot sa isang lugar na paglilikasan, isaalang-alang ang paglikas sa isang mas mataas na palapag ng malapit na gusali o sa ikalawang palapag o mas mataas ng iyong bahay pansamantala at maghintay ng magiliigtas.

## Suporta para sa mga Taong Nangangailangan ng Espesyal na Konsiderasyon

Ang mga nakatatanda, taong may mga kapansanan, sanggol, at iba pang tao na nangangailangan ng espesyal na konsiderasyon na nahihirapang lumikas nang mag-isa sa kaganapan ng isang sakuna at kailangan ng tulong ay tinatawag na mga taong nangangailangan ng tulong sa paglikas.
Kung kailangan ang paglikas, dapat makipagtulungan ang komunidad sa bawat isa upang kumpirmahin ang kaligtasan ng mga nakatatandang kapitbahay at mga taong may mga kapansanan, at suportahan sila sa pagpunta sa mga kanlungan ng paglikas.

### Para sa nakatatanda at maysakit

Gabayan sila sa pamamagitan ng pagbubuhat sa kanila sa iyong likod o hayaan silang humawak sa iyong siko o balikat.
Kung maaari, magkaroon ng mahigit sa isang tagapag-alaga na tutulong sa iyo.

### Para sa bulag o malabo ang paningin

Habang ginagabayan sila, lumakad nang marahan habang nagsasalita sa kanila at hinahawakan ang kanilang siko ng braso na hindi nakahawak sa kanilang tungkod, o hayaan silang kumapit sa iyong braso.

### Para sa may kapansanan sa katawan (wheelchair)

Palaging magkaroon ng tatlong taong magkakasamang gumagawa sa hagdan, nakaharap kapag umaakyat at nakatalikod kapag bumababa, upang maiwasan ang pakiramdam ng takot.

### Para sa may mahinang pandinig

Kapag nagsasalita, buksan ang iyong bibig nang malinaw para mabilis kang maintindihan ng iba, at gumamit ng sign language, nakasulat na komunikasyon, o mga senyas upang ipaalam sa kanila kung ano ang nangyayari.

### Tindi at pattern ng pag-ulan at panganib ng sakuna

Ipinakikita ng talahanayan sa ibaba ang humigit-kumulang na tindi at pattern ng pag-ulan at ang mga nauugnay na panganib ng sakuna. Mahalagang bigyang-pinsan ang pag-ulan nang regular at kusang-loob na lumikas kung naniniwala kang mapanganib ito, kahit bago ilabas ang babala o impormasyon sa paglikas.

| | Bahagyang malakas na ulan | Malakas na ulan | Matinding ulan | Labis na matinding ulan | Napakalakas na ulan |
|---|---|---|---|---|---|
| Mga termino sa 1-oras na pag-ulan at pagtaya | 10 - 20mm | 20 - 30mm | 30 - 50mm | 50 - 80mm | 80mm- |
| | |  |  |  |  |
| Karaniwang interpretasyon | Malakas na ulan | Malakas na ulan | Gaya ng pagtatapon ng mga timba ng tubig. | Ulan na gaya ng talon (walang hintong pagdaloy). | Pakiramdam na naaapi kaya mahirap ang paghinga. Pakiramdam ng takot. |
| Epekto sa mga tao at sa labas | Mga basang paa dahil sa pagtalbog sa lupa. | Nababasa kahit gumagamit ng payong. Malabo ang nakikita sa kotse kahit ginagamit ang pinakamabilis na speed ng wiper. | Naging parang mga ilog ang mga kalsada. | Nagiging ganap na walang silbi ang mga payong. Nagkukulay puti ang buong lugar dahil sa tilamsik at binabawasan ang pagiging nakikita. | |
| Panganib ng sakuna | Kahit sa ganitong antas ng ulan, maging maingat kung magpatuloy ito nang matagal | Masaring umuwas ang mga bambang, kanal, at maliliit na ilog at bahain ang mga kalsada. Mayroong panganib ng maliit na mga pagguho ng lupa sa matatrik na dalisdis. | Mas malamang na mangyari ang mga pagguho ng lupa at gumuguho ang talampas, at kailangan ang mga paghahanda sa paglikas sa mga lugar na mapanganib. | Malamang na mangyari ang mga pagguho ng lupa. Maraming sakuna ang nangyayari. | May malakas na banta ng malaking sakuna dahil sa pag-ulan, at kailangan ang labis na pag-iingat. |

* Kahit na pareho ang dami ng ulan na ipinapakita sa talahanayan, maaaring mag-iba ang pinsala depende sa kabuuang pag-ulan magmula nang magsimula ang pag-ulan, ang topograpiya, ang heolohiya, at iba pang dahilan. Inilalarawan na talahanayan na ito ang palatandaan at pinsala na karaniwang nangyayari kapag naobserbahan ang isang partikular na pag-ulan, kaya maaaring mas malaki rito ang pinsala, o sa kabaligtaran, maaaring manatiling maliit ang pinsala.

# Listahan ng Lugar na Paglilikasan

## Lugar na Paglilikasan sa Pagguho ng Lupa sa Lungsod ng Nishio

| Pangalan | Address | Numero ng Telepono (0563) |
|---|---|---|
| Sentro ng Kapakanan ng Sogo | Hananoki-cho 2-1 | 56 - 5900 |
| Paaralang Elementarya ng Nishio | Kinjo-cho 162-1 | 56 - 2266 |
| Paaralang Elementarya ng Yatsuomote | Yatsuomote-cho Ichiba 71 | 57 - 3014 |
| Paaralang Elementarya ng Muroba | Muro-cho Higashibishamon 32 | 52 - 1066 |
| Gymnasium ng Parkeng Pang-isports ng Sogo | Ojima-cho Daigo 1-1 | 54 - 7761 |
| Denso Corporation, Nishio Plant | Shimohasumi-cho Sumisaki 1 | 55 - 1111 |
| Junior High School ng Tobu | Shimonagara-cho Nishigoochi 20 | 52 - 1067 |
| Paaralang Elementarya ng Miwa | Komeno-cho Matsubauchi 25 | 52 - 1168 |
| Paaralang Elementarya ng Nakabata | Nakabata-cho Inuzuka 65 | 59 - 6158 |
| Denso Corporation, Zenmyo Plant | Zenmyo-cho Ipponmatsu 100 | 55 - 5511 |
| Paaralang Elementarya ng Ogiwara | Kira-cho Ogiwara Eboshi 16 | 32 - 1053 |
| Paaralang Elementarya ng Yokosuka | Kira-cho Kamiyokosuka Hishiike 13-1 | 35 - 0100 |
| Paaralang Elementarya ng Tsuhira | Kira-cho Tsuhira Oiri 1 | 35 - 0056 |
| Paaralang Elementarya ng Shirahama | Kira-cho Shirahama Shinden Kitagiri 1 | 32 - 0155 |
| Sentrong Pangkalusugan ng Kira | Kira-cho Yoshida Ogirima 17-3 | 32 - 3001 |
| Sentro ng Hazu Iki-iki | Nishihazu-cho Nakada 14-2 | 63 